
# Hello mula sa KENYA!

Ang Kenya ay nasa East Africa. Halos 50 milyong tao ang naninirahan doon!





## PAGBISITA SA KENYA

Noong Mayo 2022, binisita ni Elder Ronald A. Rasband ang pinagtatayuan ng Nairobi Kenya Temple. Isa raw ito sa mga paborito niyang sandali nang magbiyahe siya sa Kenya.




## MGA KAWAN NG MGA FLAMINGO

Kapag maraming halamang-tubig sa Lake Nakuru, libu-libong flamingo ang dumarating para kainin iyon. Ang dami ng mga flamingo ay kayang gawing kulay-rosas ang buong lawa!




MGA LARAWANG-GUHIT NI RUTH HAMMOND



## PAMBIHIRANG MGA RUNNER

Ang Kenya ay tahanan ng marami sa pinakamagagaling na long-distance runner sa mundo. Nanalo na sila ng 106 na medalya mula sa mga running event sa Olympics.




## WIKA

Ang Kenya ay may dalawang opisyal na wika: Swahili at English. Marami ring iba pang mga wikang sinasalita doon.



AKTIBIDAD

## Mamba

Nilalaro ng mga bata ang game na ito sa buong Africa. Isang manlalaro ang magiging mamba (ahas), at ang layon niya ay i-tag ang iba. Kapag na-tag ang isang manlalaro, nagiging bahagi siya ng mamba sa pamamagitan ng pagkakapit-bisig. Ang unang tao lang na naging mamba ang maaaring mag-tag sa iba pang mga manlalaro. Ang matitirang manlalaro ang mananalo!



RESIPI

## Chapati

Ito ay isang karaniwang pagkain sa Kenya. Narito ang isang bersyon ng resipi na maaari mong subukan!

1. Paghaluin ang **2 ½ tasang (600 ml) harina**, **½ kutsaritang (2.5 ml) asin**, at **1 kutsarang (14.7 ml) asukal** sa isang malaking mangkok.
2. Maghalo ng mga **1 ¼ na tasang (295 ml) maligamgam na tubig** nang paunti-unti. Bilugin ang masa at gawin itong anim na bola.
3. Gumamit ng rolling pin para pipiin ang mga bola ng masa nang pabilog. Pahiran ng mantikilya sa ibabaw ang bawat isa.
4. Pagulungin ang mga bilog para maging pahaba at hugisan ang mga iyon para maging spiral. Pagkatapos ay pipiin ang mga spiral para maging maninipis na bilog gamit ang rolling pin.
5. Lutuin sa isang minantikaang kawali sa katamtamang init ang magkabilang panig hanggang sa maging golden brown.

***Siguruhing magpatulong sa isang adult!***